



PAGSASAKOMIKS NG MGA ALAMAT NG PITONG LAWA SA PAGTUTURO NG PANITIKAN AT ANG KASANAYAN SA PAGSULAT NG BUOD

EVELYN HERNANDEZ-VITERBO, MAEd-FILIPINO¹

IMELDA G. CARADA, PhD²

16-fs-fil-183@lspu.edu.ph

ORCID NUMBER: 0000-0002-8127-9159

Laguna State Polytechnic University -San Pablo City Campus

Brgy. Del Remedio, San Pablo City, Philippines

ABSTRAK

Ang pananaliksik ay isinagawa upang makalap ang mga kailangang impormasyon, kaalaman, tugon at puna tungkol sa pagsasakomiks ng alamat ng pitong lawa sa pagtuturo ng panitikan at kasanayan sa pagsulat ng buod. Nabigyang kasagutan ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na katanungan; pananaw ng mga tagasagot sa pagsasakomiks ng mga alamat ng pitong lawa sa pagtuturo ng panitikan at ang kasanayan sa pagsulat ng buod batay sa layunin, nilalaman, disenyo, tibay, at kakayahang magamit, antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pagsasakomiks ng mga alamat ng pitong lawa sa pagtuturo ng panitikan at ang kasanayan sa pagsulat ng buod batay sa kalinawan, kaangkupan at hikayat, at ang kasanayan sa pagsulat ng buod ng mga tagasagot batay sa nilalaman, kaisahan at mekanismo. Nabuo ang pananaliksik na ito ayon sa obserbasyon na mababa ang interes at pagkatuto ng mga mag-aaral kung pawang mga teksto lamang ang kanilang binabasa samantalang mas higit na napupukaw ang kanilang kawilihan sa paggamit ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo kagaya ng komiks. Ang pag-aaral na isinagawa ay ginamitan ng pagsusuri na may patnubay na tanong sa walumpung (80) mag-aaral ng ikapitong grado ng Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School = na nasa pangangalaga ng mananaliksik. Ang mga datos ay sinuri at sinukat sa pamamagitan ng sagot ng mga mag-aaral. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral nabuo ang konklusyon na may makabuluhang kaugnayan ang pananaw ng mga tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng buod ng alamat kung kaya't nabuo ang rekomendasyon ayon sa sumusunod; magkaroon ng karagdagang gawain tulad ng mga tanong na sasagutan ng mga mag-aaral sa bawat alamat upang mas lumalim pa ang pagkaunawa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kalipunan ng mga alamat ng pitong lawa na isinakomiks at higit na palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa pamamagitan ng paggamit ng mas malalaki, makukulay at kawili-wiling mga larawan na bubuhay sa imahinasyon at pupukaw sa kanilang interes upang makabuo ng isang mas makabuluhan at katangi- tanging awtput mula sa binasa.

MGA SUSING SALITA: Pagsasakomiks, Buod, Deskriptibong Pananaliksik, Philippines